**Republika ng Pilipinas**
**Lalawigan ng Laguna**
**Bayan ng Sta. Cruz**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PAMBAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA, NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NUONG IKA-7 NG HULYO, 1997, LUNES, SA GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NARCISO O. INFANTE............... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Heidi S. Ciriaco............... | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas............... | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon............... | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez.............. | Kagawad |
| Kgg. Celestino D. Pamatmat.......... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison............... | Kagawad |
| Kgg. Miquel M. Asinas............... | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco............ | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor.......... | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. jaime Alexander T. Calupitan... | Kagawad |

### KAPASIYAHAN BLG. 155-T'97

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KARAGDAGANG BADYET NG BARANGAY GATID SA TAONG ITO NA NAGKAKAHALAGA NG LABING WALONG LIBO ISANDAAN TATLUMPU'T DALAWANG PISO AT TATLUMPU'T PITONG SENTIMOS (p18,132.37), AYON SA KAPASIYAHAN BLG. 25-T'97/ORDINANSA SA LAANG GUGULIN BLG. I-T'97 NG NABANGGIT NA BARANGAY.

SAPAGKA'T, iniharap at tinalakay ng Sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 25-T'97/Ordinansa sa Laang Gugulin Blg. I-T'97 ng Sangguniang Barangay Gatid na naglalayonbg pagtibayin ang Karagdagang Badyet ng nabanggit na barangay upang ilaan sa pantauhang paglilingkod at gastos sa eleksyon sa taong ito;

SAPAGKA'T, matapos na ito ay masuri ng Pambayang Pinuno sa Badyet at mapatunayang ang pagsasaayos at pagtutugma para sa Karagdagang Badyet ay naaangkop sa taunang plano at pangangailangan sa taunang badyet ng nabanggit na barangay sa taong ito, ay inirekomenda ng Lupon sa Pananalapi na pagtibayin na ito.

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. kag. Ariel T. Magcalas, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Angelito U. Limjuco, Jeffrey A. Villaseñor, Celestino D. Pamatmat, Heidi S. Ciriaco, Louie C. de Leon at Bernardo E. Ison, at sa pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na pagtibayin ang Karagdagang Badyet ng Barangay Gatid sa taong ito na nagkakahalaga ng P18,132.37 ayon sa Kap. Blg. 25-T'97/Ordinansa sa Laang Gugulin Blg. I-T'97 ng nabanggit na barangay.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at Sang. Barangay Gatid, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. SANDICHO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: NARCISO O. INFANTE
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:
DOMINGO G. PANGANIBAN